

Mga Madalas na Tinatanong

Sapilitang pagbabakuna para sa mga manggagawa ng mga Pasilidad na Tirahan sa Pangangalaga ng May Edad



Mga Madalas na Tinatanong

Ang mga manggagawa sa mga pasilidad na tirahan sa pangangalaga ng may edad ay kinakailangang magkaroon ng kahit isang dosis ng isang bakuna laban sa COVID-19 bago mag-17 ng Setyembre o 31 ng Oktubre 2021, depende sa kanilang trabaho.

Tungkol sa Kautusan sa Kalusugan ng Publiko (Public Health Order)

Bakit kinakailangan ng mga manggagawa sa mga pasilidad na tirahan sa pangangalaga ng may edad na magpabakuna laban sa COVID-19?

Ang sektor ng pangangalaga sa may edad ay pinangangasiwaan ng Pamahalaan ng Australya. Ang hakbang na ito ay ipinanukala ng Pamahalaan ng Australya, na napagkasunduan ng lahat ng mga estado at teritoryo sa Pambansang Gabinete. Sumang-ayon ang mga estado at teritoryo na ipatupad ang panukalang ito sa pamamagitan ng mga itinatag na proseso – sa NSW, ito ay sa pamamagitan ng [Public Health \(COVID-19 Aged Care Facilities\) Order 2021](#).

Ang mga pasilidad na tirahan sa pangangalaga ng may edad ay partikular na nanganganib sa Australya at sa buong mundo sa kabuuan ng pandemya. Mayroong higit na 260 na mga pagsiklab ng COVID-19 sa mga pasilidad na tirahan sa pangangalaga ng may edad sa Australya mula nang magsimula ang pandemya, na may higit sa 4500 na mga kaso. Mayroong 685 na namatay mula sa COVID-19 sa Australya noong 2020.

Habang mayroong mga pagsiklab sa mga pasilidad na tirahan sa pangangalaga ng may edad sa 2021, may nakikita kaming mas mababang bilang ng mga kaso, hindi gaanong malala na pagkakasakit at mas kaunting pagkamatay nang dahil sa nabakunahan ang mga residente at manggagawa.

Ang mga manggagawa sa mga pasilidad na tirahan sa pangangalaga ng may edad ay kinakailangang mabakunahan laban sa COVID-19 upang maprotektahan ang ilan sa ating pinaka-mahinang mga tao. Mga taong may edad na 60 taon pataas ay nasa mas mataas na panganib ng malalang pagkasakit, pagkakaospital at pagkamatay bilang resulta ng COVID-19.

Ang isang dosis ng alinmang bakuna ay nagbibigay ng humigit-kumulang na 70% proteksyon laban sa pagpapaospital at pagkamatay mula sa Delta variant at makabuluhang binabawasan ang pagkalat ng COVID-19 sa mga taong nasa paligid mo, na partikular na mahalaga kung nagtatrabaho ka sa lugar ng may mahihinang mga tao. Ang dalawang dosis ng alin mang bakuna ay nagbibigay ng humigit-kumulang na 90% na proteksyon.

Aling mga tungkulin ang kasama sa Kautusan sa Kalusugan ng Publiko?

Mula 9:00 ng umaga sa ika-17 ng Setyembre 2021, lahat ng kawani, kabilang ang mga kontratista at mga pansamantalang manggagawa, ng isang pasilidad na tirahan sa pangangalaga ng may edad at sinumang tao na nakikipag-ugnay sa pagdudulot ng serbisyo sa pasilidad maliban sa mga estudyante, mga taong direktang nakikipag-ugnay sa isang residente at mga kontratista sa pagmementena ng lugar ay kinakailangang nabakunahan na ng kahit isa man lang na dosis ng isang alinmang bakuna laban sa COVID-19 upang makapasok o manatili sa isang pasilidad na tirahan sa pangangalaga ng may edad.

Kabilang dito ang:

- manggagawang direktang nangangalaga
- kawaning tumutulong
- kawani ng pangangasiwa
- mga kawani sa paraan ng pamumuhay at pangangalagang panlipunan na nakikipag-ugnay sa pasilidad na kagaya ng terapiya na musika/sining, mga tagapag-ayos ng buhok
- mga boluntaryo na nakikipag-ugnay sa pasilidad
- mga propesyonal na pang-medikal at pangkalusugan na nakikipag-ugnay sa pasilidad

Mula sa 9:00 ng umaga sa ika-31 ng Oktubre 2021, mga mag-aaral at propesyonal sa kalusugan na direktang nakikipag-ugnay sa isang residente ay kinakailangang nabakunahan na ng kahit isa man lang na dosis ng isang bakuna laban sa COVID-19 upang makapasok o manatili sa isang pasilidad na tirahan sa pangangalaga ng may edad.

Kabilang dito ang:

- mga mag-aaral
- mga propesyonal na pang-medikal na nakikipag-ugnay sa isang residente, kagaya ng mga karaniwang doktor (General Practitioner) at mga dalubhasang doktor.
- mga propesyonal sa kalusugan na nakikipag-ugnay sa isang residente, kagaya ng mga dentista at mga propesyonal sa kalusugan ng isip at mga podiatrist at mga physiotherapist

Kasama ba sa Kautusan sa Kalusugan ng Publiko ang mga mag-aaral?

Oo, ang mga mag-aaral ay kasama sa Kautusan sa Kalusugan ng Publiko. Ang mga mag-aaral ay kailangang nabakunahan na ng kahit isa man lang na dosis ng isang bakuna laban sa COVID-19 pagsapit ng 9:00 ng umaga sa ika-31 ng Oktubre 2021 upang makapasok o manatili sa isang pasilidad na tirahan sa pangangalaga ng may edad.

Kasama ba sa Kautusan sa Kalusugan ng Publiko ang mga propesyonal sa kalusugan?

Oo, ang mga propesyonal sa kalusugan ay kasama sa Kautusan sa Kalusugan ng Publiko. Kung ang propesyonal sa kalusugan ay nakikipag-ugnay sa pasilidad na tirahan sa pangangalaga ng may edad, kailangan silang nabakunahan na ng kahit isa man lang na dosis ng isang bakuna laban sa COVID-19 pagsapit ng 9:00 ng umaga sa ika-17 ng Septiyembre 2021. Kung ang propesyonal sa kalusugan ay nakikipag-ugnay sa isang residente ng isang pasilidad na tirahan sa pangangalaga ng may edad, kailangan silang nabakunahan na ng kahit isa man lang na dosis ng isang bakuna laban sa COVID-19 pagsapit ng 9:00 ng umaga sa ika-31 ng Oktubre 2021. Hindi kasama rito ang mga propesyonal sa kalusugan na pumapasok sa isang pasilidad na tirahan sa pangangalaga ng may edad upang tumugon sa isang emerhensya.

Kabilang sa mga propesyonal sa kalusugan ay ang mga bumibisitang propesyonal na pang-medikal (mga karaniwang doktor (General Practitioner at mga dalubhasang doctor), pati na rin ang mga parmasyutiko, dentista at mga kaalyado na propesyonal sa kalusugan.

Sino ang hindi kasama sa Kautusan sa Kalusugan ng Publiko?

Ang Pagbabakuna Laban sa COVID-19 ay hindi sapilitan para sa mga partikular na kategorya ng mga manggagawa na kagaya na mga kontratista sa maintenance, gayunpaman lahat ng mga taong may edad na 16 taon at pataas sa NSW ay masidhing hinihimok na mabakunahan upang maprotektahan ang kanilang sarili at ang mga nasa paligid nila.

Kung hindi ka direktang nakikipag-ugnay sa pasilidad upang magbigay ng mga serbisyo o mag-aaral na naka-placement o isang propesyonal sa kalusugan na direktang nakikipag-ugnay sa isang residente, hindi ka kasama sa Kautusan sa Kalusugan ng Publiko. Kasama rito ang mga taong tulad ng pamilya at mga kaibigan, mga manggagawa na personal na nagbabahagi ng Ebanghelyo.

Aling mga boluntaryo nangangailangan ng pagbabakuna laban sa COVID-19?

Ang mga boluntaryo na nakikipag-ugnay sa isang pasilidad na tirahan sa pangangalaga ng may edad ay kailangang nabakunahan na ng kahit isa man lang na dosis ng isang bakuna laban sa COVID-19 pagsapit ng 9:00 ng umaga sa ika-17 ng Septiyembre.

Saan ako makakahanap ng karagdagang impormasyon tungkol sa Kautusan sa Kalusugan ng Publiko at pagbabakuna laban sa COVID-19 para sa mga manggagawa ng tirahan sa pangangalaga ng may edad?

Ang NSW Health ay bumubuo ng mga karagdagang gabay para sa mga tagapagbigay at manggagawa na makukuha sa iba't-ibang mga wika.

Ang [Australian Government Department of Health - Residential aged care workers](#) ay nagbibigay ng karagdagang impormasyon tungkol sa sapilitang pagbabakuna laban sa COVID-19 para sa mga manggagawa ng tirahan sa pangangalaga ng may edad.

Kailangan ko bang magpakita ng katibayan ng pagbabakuna laban sa COVID-19 sa aking employer?

Kailangan mong magbigay ng [evidensya ng pagbabakuna laban sa COVID-19](#) sa iyong taga-employo kung hiniling nila ito.

Paano ako makakakuha ng patunay ng pagbabakuna laban sa COVID-19?

Ang patunay ng pagkabakuna laban sa COVID-19 ay dapat magmula sa [Rehistro ng Imunisasyon sa Australya \(AIR\)](#). Hindi mo kailangan ng Medicare card upang magamit ang AIR. Maaari mong magamit ang iyong Ulat ng Kasaysayan ng Imunisasyon sa online o tawagan ang AIR upang ipadala ang isang Ulat ng Kasaysayan ng Imunisasyon sa koreo.

Mga hindi saklaw (exemptions)

Mayroon bang mga hindi saklaw (exemption) sa mga kadahilanang medikal?

Ang isang tao na may kontraindikasyong medikal sa mga magagamit na bakunang laban sa COVID19 sa Australya ay hindi saklaw (exempt) mula sa kinakailangang pagbabakuna bago ang pagpasok. Ang isang rehistradong propesyonal na manggagamot ay kailangang magbigay ng isang sertipiko sa pormang (form) na naaprubahan ng Punong Opisyal ng Kalusugan na nagtutukoy sa kontraindikasyong medikal.

Ang isang tao ay bibigyan lamang ng exemption kung mayroon silang mga kontraindikasyong sa lahat ng mga magagamit na bakuna.

Kinakailangang kumpletuhin ng propesyonal na manggagamot ang [medical contraindication form](#). Kailangang maipakita ng manggagawa ang nakumpletong form bilang ebidensya ng kanilang kontraindikasyong medikal.

Mayroon bang iba pang mga exemption?

Ang Kautusan sa Kalusugan ng Publiko ay hindi nailalapat sa isang propesyonal sa kalusugan na pumapasok sa isang pasilidad upang tumugon sa isang emerhensya, halimbawa isang paramediko.

Gayunpaman, ang lahat ng may edad na 16 na taon at pataas sa NSW ay masidhing hinihimok na magbabakuna sa lalong madaling panahon.

Ako ay buntis at/o nagpapasuso – mayroon bang mga konsiderasyon para sa akin?

Ang mga buntis na kababaihan ay karapat-dapat nang makatanggap ng bakunang Pfizer (Comirnaty) laban sa COVID-19.

Ang mga bakunang laban sa COVID-19 ay ligtas na ibigay sa anumang yugto ng pagbubuntis at nababagay din para sa mga tao na nagpapasuso.

Ang mga babaeng nagpapasuso o may plano na pagbubuntis ay inirerekomenda rin na tumanggap ng Pfizer. Ang mga babaeng nagsisikap na magbuntis ay hindi kailangang antalahin ang pagbabakuna o iwasan na magbuntis pagkatapos ng pagbabakuna.

Mangyaring makipag-usap sa iyong doktor (GP) o nauugnay na propesyonal sa kalusugan upang talakayin ang iyong indibidwal na kalagayan at kung paano ka mabakunahan sa lalong madaling panahon.

Ang pagbubuntis at pagpapasuso ay hindi itinuturing na kontraindikasyong medikal para sa bakunang Pfizer at sa gayon ay hindi mga exemption sa ilalim ng Kautusan sa Kalusugan ng Publiko.

Pagbabakuna laban sa COVID-19

Saan ako maaaring magpabakuna?

May ilang mga paraan para mabakunahan ang mga manggagawa sa pangangalaga ng may edad laban sa COVID-19. Ang pinakamadali ay sa pamamagitan ng lugar ng tagapagbigay o klinika ng doktor (GP).

Ang mga tagapagbigay ng pagbabakuna para sa tirahan sa pangangalaga ng may edad ay maaaring magsagawa ng kanilang sariling klinika sa pagbabakuna ng Pfizer (Comirnaty) para sa kanilang mga manggagawa o kumunsulta sa kanilang Pangunahing Network sa Kalusugan upang magsaayos nang isang klinikang pinapatakbo ng doktor (GP) na nasa lugar. Kausapin ang iyong manager tungkol sa isang on-site na klinika sa pagbabakuna.

Ang mga manggagawa ng tirahan sa pangangalaga ng may edad ay maaaring makakuha ng isang bakunang Pfizer (Comirnaty) o isang bakunang AstraZeneca (Vaxzeria) sa isang general practice, Aboriginal Community Controlled Health Service o Commonwealth Vaccination Clinic (mga GP respiratory clinic).

Maaari ring gumawa ng appointment ang mga manggagawa sa isang klinika ng pagbabakuna ng NSW Health o dumalo sa isang walang pagpapalalang klinika (walk-in clinic) o kalahok na parmasya.

Bisitahin ang [Pamahalaan ng NSW - Magpabakuna laban sa COVID-19](#) upang magpalista ng isang appointment o maghanap ng isang walk-in clinic o kalahok na botika na malapit sa iyo.

Mayroon bang nakalagay para sa pagliban sa trabaho dahil sa pagbabakuna laban sa COVID-19?

Mayroong suporta na makukuha sa pamamagitan ng Pamahalaan ng Australya para sa ilang mga empleyado na mabakunahan laban sa COVID-19. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang [Pamahalaan ng Australya Kagawaran ng Kalusugan](#).

Maaari ba akong mabakunahan sa trabaho?

Ang mga tagapagbigay ng pagbabakuna sa pasilidad na tirahan sa pangangalaga ng may edad ay mayroong mga pakikipag-ugnay sa mga doktor (General Practitioner) at mga parmasya. Kausapin ang iyong manager tungkol sa pagbabakuna ng mga kawani na on-site o sa isang lokasyon na angkop para sa pag-access ng mga manggagawa.

Ang mga gumagalang klinika ng Komonwelt (Commonwealth roving clinic) ay babalik sa mga pasilidad upang magbigay ng mga in-reach na klinika sa 18 Lokal na Lugar ng Pamahalaan sa Greater Sydney. Sasabihin sa iyo ng iyong manager kung ang isang gumagalang klinika ay babalik sa iyong pasilidad.

Maaari ba akong makakuha ng prayoridad na pag-access sa isang bakuna laban sa COVID-19?

Ang mga manggagawa sa pangangalaga ng may edad na hindi pa nakakuha ng isang dosis ng isang bakuna laban sa COVID-19 ay maaaring gumawa ng isang appointment sa kanilang GP o klinika ng pagbabakuna ng NSW Health o dumalo sa isang walk-in na klinika.

Bisitahin ang [Pamahalaan ng NSW - Magpabakuna laban sa COVID-19](#) upang magpalista ng isang appointment o maghanap ng isang walang pagpapalalang klinika (walk-in) na malapit sa iyo.

Kung ikaw ay nagtatrabaho sa isang pasilidad na tirahan sa pangangalaga ng may edad, maaari kang makipag-ugnay sa Pambansang Helpline ng Coronavirus sa 1800 020 080 at piliin ang opsyon 4 para sa pangunahing tulong at payo na nauugnay sa pag-book ng iyong bakuna laban sa COVID-19.

Anong katibayan sa pagbabakuna laban sa COVID-19 ang kinakailangan?

Ang mga tagapagbigay ng pagbabakuna sa tirahan sa pangangalaga ng may edad ay maaaring humiling ng katibayan sa pagbabakuna mula sa mga nauugnay na manggagawa.

Ang katibayan sa pagbabakuna ay dapat na magmula sa Rehistro ng Imunisasyon sa Australya (AIR). Hindi mo kailangan ang isang Medicare card upang ma-access ang AIR. Maaari mong ma-access ang iyong Ulat ng Kasaysayan ng Imunisasyon sa online o tawagan ang AIR upang ipadala sa koreo ang isang Ulat ng Kasaysayan ng Imunisasyon.

Karapat-dapat ba ako para sa isang bakuna laban sa COVID-19 kung wala akong Medicare card?

Ang pagbabakuna laban sa COVID-19 ay libre sa lahat ng mga taong naninirahan sa Australya. Kung ikaw ay nagtatrabaho sa isang pasilidad na tirahan sa pangangalaga ng may edad, hindi mo kailangan ang Medicare card upang mabakunahan ng isang GP respiratory clinic o mga klinika ng pagbabakuna ng NSW Health.

Bisitahin ang [Pamahalaan ng NSW - Magpabakuna laban sa COVID-19](#) upang magpalista ng isang appointment o maghanap ng isang walk-in clinic na malapit sa iyo.

Maaari ko bang piliin kung alin ang bakuna laban sa COVID-19 na makukuha ko?

Ang mga manggagawa sa pangangalaga ng may edad ay karapat-dapat para sa bakunang Pfizer (Comirnaty) ngunit maaari ring pumili na makuha ang bakunang AstraZeneca (Vaxzevria).

Ang isang dosis ng alinmang bakuna ay nagbibigay ng humigit-kumulang na 70% proteksyon laban sa pagpapa-ospital at pagkamatay mula sa Delta variant at makabuluhang binabawasan ang pagkalat ng COVID-19 sa mga taong nasa paligid mo. Dalawang dosis ng alin mang bakuna ay nagbibigay ng humigit-kumulang na 90% na proteksyon, at ang proteksyon ay magtatagal.

Para sa karagdagang impormasyon, makipag-usap sa iyong doktor (GP) o basahin ang [pahayag ng ATAGI tungkol sa paggamit ng mga bakunang laban sa COVID-19 sa isang kapaligiran ng pagsiklab](#).

Ang hindi pagkakuha ng isang pagpalista para sa isang bakunang Pfizer (Comirnaty) bago ang huling araw (deadline) ay hindi maituturing na sapat na batayan para sa isang hindi saklaw (exemption).

Maaari ba akong mabakunahan habang nasa lockdown?

Oo, pinapayagan ang pagbabakuna laban sa COVID-19 sa ilalim ng mga paghihigpit sa pananatili-sa-bahay sa buong NSW. Huwag umalis ng bahay upang mabakunahan kung isa kang malapit o kaswal na contact, o mayroon kang anumang sintomas ng COVID.

Ano ang mangyayari kung tanggihan kong mabakunahan?

Kung hindi mo matutugunan ang kinakailangan sa pagbabakuna sa petsa na nailalapat ito, pipigilan ka ng Kautusan sa Kalusugan ng Publiko na pumasok o manatili sa pasilidad na tirahan sa pangangalaga ng may edad at hindi ka maaaring magtrabaho sa pasilidad.

Lahat ng mga kawani ay dapat na may kamalayan na ang pagkakaroon ng kahit isa man lang na dosis ng isang bakuna laban sa COVID-19 ay isang kinakailangang bagay upang makapagpatuloy na magtrabaho sa mga pasilidad na tirahan sa pangangalaga ng may edad mula ika-17 ng Setyembre 2021.

Ano ang mangyayari kung wala pa akong kahit isang dosis ng isang bakunang laban sa COVID-19 bago mag-deadline?

Ang sinumang empleyado na hindi natutugunan ang mga kinakailangan mula sa petsa na nalalapat ang mga Kautusan sa Kalusugan ng Publiko ay hindi pinapayagan sa site. Kung hindi mo natutugunan ang kinakailangan sa pagbabakuna at wala kang isang naaprubahang [kontraindikasyong medikal](#) sa petsa na nalalapat ito, samakatuwid ay hindi ka maaaring magpatuloy na magtrabaho sa serbisyo.